Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad



# Sinubok Ng Diyos Ang Pagibig ni Abraham

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay ni: M. Maillot at Tammy S.

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.


Isang gabi, binigyan si Abraham ng bihirang mando. Ito ay bilang pagsubok kay Abraham kung mas mahal niya ang kanyang anak na si Isaak mahigit pa sa Diyos.

"Dalhin mo ang anak na si Isaak, at ihandog mo siya bilang gaya ng hayop na sunugin sa altar," ang mando ng Diyos. Ihandog si Isaak? Ihain ang kanyang anak? Iyong ay mahirap na isipin ni Abraham. Mahal na mahal niya ang kanyang anak.



Ngunit nalalaman na ni Abraham na malaki any kanyang tiwala sa Diyos kahit na hindi niya naunawaan.



Bago siya mumalis, naghand muna siya ng mga pirasong kahoy upang gagawing sindi kung magsindi ng apoy para sa handog sa altar.  Nagpasiya at iniisip na ni Abraham na sundin ang Diyos.




Pagkatapos ng tatlong araw malapit na sila sa bundok.
“Dito muna kayo,” Ang sabi ni Abraham sa kanyang mga katulong.



"Kami ay babalik pagkatapus ng aming pagsamba." Kinarga ni Isaak ang kahoy; dala dala ni Abraham ang apoy at - at ang kutsilyo.


"Saan ang tupa na parang ihain sa altar?" Ang tanong ni Isaak.
"Ang Diyos ay magbigay ng kanyang sariling tupa," Ang sagot ni Abraham.

Ang dalawa ay pumunta sa lugar na pinili ng Diyos. Doon, gumawa si Abraham ng altar at inayos ayos ang mga perasong kahoy upang sunugin ang handog sa harap ng Diyos.



Maraming mga altar ang nagawa ni Abraham sa kanyang buhay. Talagang pina-kahirap na gawin ang altar na ito.



Tinalian ni Abraham si Isaak at linigay niya ang mahal niyang anak sa ibaba w ng altar.  Susunod ba kaya si Abraham sa otus ng Diyos na ihain si Isaak, na kaisaisang anak ni Abraham?





Oo! Ang talab ng kutsilyo ay nakita habang itinaas ang ito. Ang kanyang puso ay marahil sumusakit, ngunit alam ni Abraham siya ay susunod sa utos ng Diyos.


" HINTOI" ang anghel ng Panginoon ay sumigaw. "Ngayon alam ko kayo ay may takot sa Diyos. Hindi mo binawalan ihandog ang iyong anak, bugtong mong anak sa akin."

Nang nakita ni Abraham ang hayop sa halaman, inalis ni Abraham ang tali kay Isaak at hinandog ang hayop.  Marahil naisip ni Isaak, "Nagbigay ang Diyos ng handog, ayon sa sinabi ng ama ko."



Habang ang ama at anak ay nagsamba, ang anghel ng Diyos ay nagsalita kay Abraham. “Sa iyong mga anak, ang lahat ng mga bansa ay mabasbasan dahil sa pagmasunurin mo.” Sa darating na araw, si Hesus ay ipanganak na galing sa kamaganakan ni Abraham.



Si Abraham at Isaak ay umuwi na.  Sa dumarating na panahon, ang kalungkutan ay dumating.  Si Sara ay namatay.  Si Abraham ay nawalan ng asawa, at si Isaak ay nawalan ng ina.



Pagkatapos ng libing, pinadala ni Abraham ang kanyang alila upang humanap ng maging asawa ni Isaak.



Ang alila ay umalis patungo sa dating nasyon upang humanap ng asawa ni Isaak sa mga kamaganak nila doon.



Hiningi ng alila sa Diyos na bigyan siya ng sinyal. “Ang sinong babae na magbigay ng tubig para sa mga kamilyo ay siyang maging asawa ni Isaak.” Kaagad si Rebeka ay dumating at binigyan ng tubig ang mga kamilyo. Siya ay kamaganak ni Abraham. Alam ng alila na sinagut ng Diyos ang kanyang alangin.




Si Rebeka ay umalis sumama sa alila ni Abraham upang maging asawa ni Isaak. Ngayon masaya ni si Isaak pagkatapos ng namatay ang kanyang ina. Mahal na mahal ni Isaak si Rebeka.

# Sinubok ng Diyos Ang Pagibig ni Abraham

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Genesis 22-24

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16